

APPLICATION

- Para saan ang probisyon ng Diyos? Paano mo Siya masasamba at mapagsisilbihan gamit ang mga ibinigay Niya sa iyo?
- Paano ka tumutugon sa mga pangako ng Diyos sa Kanyang salita? Maglaan ng oras ngayong linggo upang pag-isipan kung ikaw ba ay tumutugon nang may pagdududa o kawalan ng pagtitiwala, pagmamataas o pag-aakala na karapat-dapat kang makatanggap nito, o kung ikaw ay tumutugon nang may kapayapaan at pag-asa. Sa palagay mo, bakit ganito ang nagiging tugon mo?
- Bakit nag-uumapaw ang probisyon ng Diyos? Ibahagi ang isang paraan kung paano ka magiging isang pagpapala sa iba ngayong linggo.

PRAYER

- Pasalamatang ang Diyos sa Kanyang kakayahan at dedikasyong tuparin ang Kanyang mga ipinangako. Magpasalamat sa Kanyang katapatan sa kasunduan Niya sa Kanyang mamamayan.
- Ipanalangin na ang probisyon ng Diyos para sa iyo at sa iyong pamilya ay maging isang pagpapala sa iyong komunidad at iglesya. Ipanalangin na makilala ng iba't ibang bayan ang Diyos sa pamamagitan ng iyong pagsunod sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na dumaloy sa pamamagitan mo ang nag-uumapaw Niyang probisyon at magkaroon ka ng pusong labis na mapagbigay upang mapaglingkuran mo ang iba at maparangalan Siya.

THE ABILITY TO PRODUCE WEALTH

Isang Utos na Manatiling Nakatuon sa Misyon

WEEK 4

WARM-UP

- Magbahagi ng isang kwento sa pamilya mo na ipinasa-pasa ng mga nagdaang henerasyon.
- Balikan ang isang pagkakataon na nagkamali ka. Paano ka tumugon at ano ang ginawa mo para ayusin ang sitwasyon?
- Ano ang napuntahan mong lugar na pinakamalayo sa iyong tahanan? Magkwento tungkol sa naging karanasan mo.

WORD *“Mapapasainyo ang kanilang lupain hindi dahil matuwid kayo o mabuti kayong mga tao kundi dahil masama sila, at para matupad ng PANGINOON ang kanyang ipinangako sa inyong mga ninuno na sina Abraham, Isaac, at Jacob.”*

DEUTERONOMIO 9:5

Sa pamamagitan ni Moises, tiniyak ng Diyos sa mga Israelita na may layunin Siya sa pagpapadala sa kanila sa magandang lupain na ipinangako Niya sa kanilang mga ninuno. Wawakasan Niya ang kasamaan sa mga bayang nandoon at dadalhin Niya ang Kanyang mamamayan upang tuparin ang Kanyang dakilang plano at misyon—hindi lamang para sa bayan nila kundi para sa buong mundo. Tutuparin Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang kasunduan kay Abraham at sa kanyang lahi. Bago nila pasukin ang Lupang Ipinangako, sinabihan sila ni Moises na manatiling nakatuon sa misyong ito. Ibubuhos ng Diyos ang Kanyang dakilang pagpapala, at gagamitin Niya ito upang tuparin ang Kanyang misyon. Ngayon, titingnan natin ang dalawang katotohanan tungkol sa pagpapala ng Diyos.

1 | Pinagpapala tayo ng Diyos kahit na hindi tayo karapat-dapat na tumanggap nito.

“Mapapasainyo ang kanilang lupain hindi dahil matuwid kayo o mabuti kayong mga tao kundi dahil masama sila, at para matupad ng PANGINOON ang kanyang ipinangako sa inyong mga ninuno na sina Abraham, Isaac, at Jacob. ⁶Alalahanin ninyo na hindi dahil matuwid kayo kaya ibinibigay ng PANGINOON na inyong Diyos ang magandang lupaing ito. Ang totoo, matitigas ang inyong ulo.” DEUTERONOMIO 9:5-6

Ang mga Israelita ay hindi laging sumusunod at nagtitiwala sa Diyos. Kahit pa naranasan nila ang mga kamangha-manghang himala ng Diyos, nagmaktol at nagreklamo pa rin sila laban kay Moises, at sa huli, laban sa Diyos. Ipinaalala sa kanila ni Moises na hindi sila karapat-dapat makatanggap ng pagpapala ng Diyos at *matitigas* ang kanilang mga ulo. Sa kabila nito, tiniyak pa din niya sa kanila na pagpapalain pa rin sila ng Diyos. Tayo rin ay pagpapalain ng Diyos hindi dahil sa anumang nagawa natin, kundi dahil Siya ay matapat. Hindi natin magagawang pagtrabahuan ang Kanyang mga pagpapala at probisyon. Ito ay pinili Niyang ibigay sa sinumang magtitiwala sa Kanya. Paano ipinakita ng Diyos ang Kanyang dakilang probisyon sa krus? Ano ang sinasabi sa Mga Taga-Roma 8:32 tungkol sa ating kaligtasan at sa biyaya at probisyon ng Diyos?

.....
.....
.....
.....

2 | Pinagpapala tayo ng Diyos upang tayo ay maging pagpapala sa iba.

“Mapapasainyo ang kanilang lupain hindi dahil matuwid kayo o mabuti kayong mga tao kundi dahil masama sila, at para matupad ng PANGINOON ang kanyang ipinangako sa inyong mga ninuno na sina Abraham, Isaac, at Jacob.” DEUTERONOMIO 9:5

Nangako ang Diyos na gagawin Niyang tanyag ang pangalan ni Abraham upang sa pamamagitan niya, *marami ang pagpapalain* at makakatanggap ng pagpapala ng Diyos *ang lahat ng tao sa mundo* (Genesis 12:1-3). May mas mabuting layunin ang Diyos sa pagpapadala Niya sa mga Israelita sa Lupang Ipinangako—ang pagpalain ang lahat ng tao sa lahat ng lahi at bayan. Sa pamamagitan ni Abraham, makikilala ng mga tao kung sino ang Diyos at makikita nila ang kahulugan ng pagkakaroon ng kasunduan sa Kanya. Ito ay ganap na nabigyan ng katuparan sa pamamagitan ng sakripisyo ni Jesus sa krus dahil ang lahat ng mananampalataya kay Jesus ay makakatanggap ng pangako at mga pagpapalang nakapaloob dito (Mga Taga-Galacia 3:13-14). Tulad nito, ang probisyon ng Diyos sa buhay natin ay hindi lamang para sa ating kasiyahan. Nais Niya tayong maging pagpapala sa mga tao sa ating paligid—sa ating pamilya, komunidad, bansa, at maging sa ibang bansa—sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo at sa paggamit ng mga pagpapalang ibinigay sa atin ng Diyos upang sundin ang Dakilang Komisyon. Paano naging pagpapala ang buhay mo sa iba? Ano ang nais mong sabihin o maalala ng ibang tao tungkol sa iyo?

.....
.....
.....
.....